Sa lahat ng gagamit ng hotel（pasilidad na tutuluyan para sa pagpapagaling）

※Pasilidad na tutuluyan para sa pagpapagaling：Sakit na na- infect ng New Corona Virus, pero ito ay hotel na tutuluyan para sa may mga lagnat at ubo, na magaan lamang ang sintomas. Hindi ito ospital.

Sa panimula

○ Hindi makakalabas ng hotel hanggat hindi natutupad ang mga batayan o katulad ng batayan sa paglabas ng ospital.

○ Batayan sa paglabas ng ospital（※１）Makakauwi ng( bahay)kung matutupad ang dalawang bagay.

Walang PCR test

（※1）• Paglipas ng 10 araw, matapos magkaroon ng sintomas ng lagnat at ubo.

• Paglipas ng 72 oras, matapos mawala ang sintomas.

○ Hindi mag i-issue ng certificate na natupad ang batayan na katulad ng batayan sa paglabas ng ospital .

○ Sundin ang mga pangako ng hotel na nakasulat sa ibaba

## ＜Mga pangako sa pagbiyahe＞

○ Ang sasakyan ng prefecture ang gagamitin sa paghatid sa hotel.
○ Hindi maaaring mamili o mag toilet habang nasa biyahe.
○ Umuwi gamit ang public vehicles (train o bus) galing sa hotel.
○ Ihanda ang sariling pamasahe para sa pag uwi.

## ＜Mga pangako sa paggamit ng hotel＞

○ Hindi makakalabas ng kuwarto ng hotel.

○ Kukunin ang body temperature sa umaga, tanghali at gabi.※

At sabay ding kukunin ang level ng oxygen sa loob ng

katawan(Spo2)※

※I-iinput sa (HER-SYS)ng smart phone etc. ang lagnat at oxygen level.

Tatanungin ng nurse mula sa telepono ang kundisyon ng katawan, tuwing alas 10:00 ng umaga.



←Pulse Oxymeter（Instrumentong pang sukat ng oxygen sa loob ng katawan）

○ Huminahon kahit magkaroon ng sunog o lindol. Magkakaroon ng announcement para sa ligtas na paglabas.

○ Hindi magagamit ang coin laundry

Labhan sa kamay ang mga labahin sa loob ng kuwarto.

○ May ibang mga tao sa hotel. Sikaping huwag maka abala sa iba.

○Hindi maaaring magdala ng mga delikadong bagay (lighter, sigarilyo, alak etc.)

Maaaring suriin ang loob ng bag sa araw na papasok sa hotel

at bawal din ang paninigarilyo at pag-inom ng alak sa loob ng hotel

（No smoking、No drinking of alcohol drinks）

○ Posibleng sabihan na magpa-ospital sakaling lumala ang karamdaman.

Palaging nasa hotel ang nurse, may oras na wala ang doktor, pero nakakatanggap ng instruction ng doktor mula sa telepono.

○ Hindi maaaring makipagkita sa pamilya o kaibigan habang nasa hotel.

○ May rasyon ng pagkain (obento) at tsaa tatlong beses sa isang araw. Ilalagay ito sa harap ng bawat kuwarto.

○ Mga dapat dalhin

・Health Insurance card, handbook ng gamot, damit, pajama, tuwalya, toothbrush, bukod dyan kung kailangan ay pwede ring magdala ng sitsirya, cup noodles, computer.

「Tungkol sa distribution ng mga bagay na kailangan」。Walang ipamimigay na ibang bagay bukod sa nakasulat dito. Maaaring magdala ng bagay sa hotel na sa palagay nyo ay kailangan.

○ Dalhin kung may gamot na kailangang inumin na galing sa ospital sa kasalukuyan.

○ Sundin ang tagubilin o instruction ng empleyado ng hotel habang nasa hotel.

## ＜Tungkol sa pamimili sa internet shopping＞

○ Sabihin muna sa staff ng hotel bago umorder.

○ Credit card payment lamang ang maaaring gamitin, hindi babayaran ng staff ang cash on delivery system.

○ Bawal umorder ng mga sariwang bagay o pagkain katulad ng (isda, karne, gulay, prutas at iba pa)

○ Hindi aasikasuhin ng hotel ang mga trouble sa internet shopping.

○ Susuriin muna ang loob ng package na inorder bago ibigay, isasabay itong ilagay sa harap ng kuwarto sa oras ng pagkain.

## ＜Tungkol sa perang kakailanganin habang nasa hotel＞

○ Hindi kailangan ang bayad sa pagtuloy at bayad sa pagkain habang nasa hotel.

。

○ Magbabayad lamang kapag may nasira sa mga kagamitan, bathroom, toilet na ginagamit sa loob ng hotel at kapag naiwala ang susi.

○ Bukod sa paggamit ng telepono sa kuwarto kausap ang nurse ng hotel, ang charges sa teleponong ginamit lang sa pagtawag sa labas ang babayaran.

○ Magbabayad ng medical fees kung kailangang mag gamot ng ibang sakit bukod sa New Corona Virus Infection habang nasa hotel.

Naunawaan ko ang lahat na nakasulat sa itaas.
Tutuparin ko ang mga pangako o patakaran habang ako ay nasa loob ng pasilidad.
Sumasang ayon din ako na sasabihin ang aking personal na impomasyon kung kinakailangan kong magpatingin sa ospital habang ako ay nasa ilalim ng pangangalaga ng pasilidad.

Petsa:_____ taon(年) _____ buwan(月) _____ araw(日)

(Tirahan)________________________________

（Pangalan）________________________________

※Ang kopya ng kasunduan na ito ay nasa pangangalaga ng Mie Prefecture.

※ Ipapadala ang bill sa address na nasa itaas kung may kailangang bayaran.

# Mga bagay na kailangan sa hotel

≪Mga bagay na dapat dalhin sa pagpunta sa hotel≫

Health Insurance Card, handbook ng gamot, tuwalya, toothbrush, pajama, damit, at underwear

※Hindi magagamit ang washing machine（Maaaring maglaba sa kamay）

≪Mga gamit sa hotel≫※Ihanda kung may iba pang sariling kailangan

| | | |
|---|---|---|
| TV | refrigerator | electric pot |
| hair dryer | face mask | sterilizer（alcohol） |
| thermometer | tuwalya | plastic bag para sa basura |
| tissue paper | toilet paper | paper towel |
| tsinelas | hanger, pang ipit sa labahin | sabon |
| shampoo, conditioner | body soap | ballpen |
| paper cup | gamit sa paglilinis（※１） | sabon na panlaba |

（※１）cleaner sa bathroom, toilet, sponge, toilet brush, anti-bacterial sheet, carpet cleaner.

・Tumawag sa staff gamit ang telepono sa kuwarto kapag may problema.

・Huwag iuwi ang mga gamit na nasa hotel sa araw ng paglabas.

・Itapon sa araw ng pag-uwi ang mga bagay na dinala（tuwalya, underwear, damit, toothbrush at iba pa）.

・I-sterilized ang mga bagay na ayaw itapon bago iuwi（cellphone, computer）.

※Magagamit ang WIFI sa hotel ng libre, pero mag-ingat kapag marami ang ida-download, maaaring itong humina o hindi na magamit.

# Proseso sa pagpasok sa pasilidad

**①Nag-positibo ng COVID-19**

↓

**②Panayam mula sa health center**

↓ Sa mga magaan o walang sintomas, at ang mga nakakatugon sa mga kundisyon tulad ng walang pinagbabatayan na sakit ay pinapasok sa medikal na pasilidad.

**③Paliwanag mula sa Mie Prefecture COVID-19 Countermeasures Headquarters sa pamamagitan ng telepono. (unang beses)**

↓ Ipapaliwanag kung ano ang mga dadalhin at mga babala tungkol sa pagpasok ng medikal na pasilidad.

**④ Paliwanag mula sa Mie Prefecture COVID-19 Countermeasures Headquarters sa pamamagitan ng telepono. (pangalawang beses)**

↓ Ipapaliwanag kung saang medikal na pasilidad kayo pupunta.

**⑤Telepono galing sa pick-up service**

↓ Oras at araw ng pag pick–up ay ipapaliwanag ng pick–up service.

**⑥Pagpasok**

↓ Susunduin ka namin sa araw pagkatapos ng proseso ③ ～ ⑤.

**⑦Quarantine sa loob ng pasilidad**

↓

**⑧Paglabas**

※Ito ay pangkalahatang daloy sa pagpasok ng medikal na pasilidad, maaaring itong magbago.

# Gabay sa pagpasok sa pasilidad para sa quarantine

(Bahagyang binago noong Enero 31, 2022)

Prefektyur ng Mie

1.Paunang salita

2 .Lista ng mga dadalhin

3 .Tungkol sa pasilidad

4 .Pamumuhay sa pasilidad

5 .Paglabas ng pasilidad

6 .Mga katanungan

# 1 .Paunang salita

Sa Mie Prefecture, ang mga nahawahan ng bagong COVID-19, na na-diagnose as "asymptomatic / mild" ay maaaring gamutin ayon sa kanilang mga kalagayan, at sitwasyon ng kanilang mga pamilya. at pinapayuhan namin na pumasok sa pasilidad na inilaan ng gobyerno.

Habang naka quarantine sa pasilidad ay ipinapayo naming huwag lumabas o umalis sa silid.

Bilang karagdagan, may nakatalagang mga nars at kawani ng prefecture 24 oras araw-araw sa pasilidad upang obserbahan ang kalusugan at pamumuhay sa panahon ng medikal na paggamot. May itinalaga din kaming isang sistema na makatanggap ng mga konsultasyon sa kalusugan anumang oras. Pag ang sitwasyon ng isang pasyente ay lumala, siya ay maaaring ipasok sa ospital ayon sa payo ng doctor.

Walang bayad sa pagtira sa mga pagkain na galing sa pasilidad. Gayunpaman, maaaring pagbayarin sa pagpagamot pag ikaw ay may ibang sakit maliban sa COVID-19.

## 2 Lista ng mga dadalhin

Lista ng mga bagay na dadalhin sa loob ng pasilidad habang naka quarantine.

Maaaring makalabas kapag nasunod na ang pamantayan na pagkalipas ng 10 araw simula ng unang araw ng sintomas ng pagkakasakit (Para sa mga tao na walang sintomas 7 araw) at 72 oras pagkatapos gumaan ang sintomas.

Mga kailangang ihanda sa pagpasok ng pasilidad.

☐ Health insurance card
☐ Tuwalya para sa mukha at para sa paliguan
☐ Toothbrush, toothpaste, atbp.
☐ Damit
☐ Mobile phone / charging cable
☐ Rain gear tulad ng natitiklop na payong at kapote (para sa pag-uwi)
☐ Pamasahe pauwi
☐ Suklay ☐ Brush
☐ Labaha ☐ Pag-ahit ☐ Shaving foam, atbp.
☐ Mga produktong pangkalinisan, atbp.
☐ Medicine notebook (kung mayroon man)
☐ Mga gamot na regular na iniinom, at mga gamot na inireseta para sa pagpasok sa pasilidad

* Maaari ding dalhin ang mga laptop, videogames at iba pang gamit na gusto mong dalhin na pwedeng ipasok sa pasilidad.

* Pakitandaan na itatapon lahat ng gamit na maiiwan sa pasilidad pag ikaw ay nakalabas na.

* Ang mga bagay na dadalhin sa pag uwi (personal na gamit: mga mobile phone, charger, personal na computer, game console, atbp.) ay dapat i-disinfect. Dapat ding tandaan na hindi kami mananagot para sa anumang pinsala sa mga gamit na dinala ninyo sa pasilidad.

# 3.Tungkol sa pasilidad

○ Ang mga nars ay nag oobserba 24 oras sa isang araw, ngunit ang komunikasyon tulad ng pagmamasid ng sintomas o kasulugan ay ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng telepono na nasa loob ng silid.

○Mayroong sistema na nakalaan para sa may mahinang kondisyon sa ilalim ng medical na pagsusuri at mga tagubilin ng doctor. Kung kinakailangan ay gumagamit kami ng online conference

○Isang tao lamang sa bawat silid sa pasilidad(w/ toilet at bathroom). Bawat silid ay may nakahandang mga gamit na nakasulat sa ibaba:

**Kagamitan sa pasilidad**

TV・ref・futon・higaan・electric kettle・dryer・libreng wi-fi

**Mga amenities**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | surgical mask | 2 | alcohol | 3 | basurahan |
| 4 | Tissue paper | 5 | Toilet paper | 6 | paper towel |
| 7 | hanger | 8 | clothespin | 9 | tsinelas |
| 10 | sabon | 11 | shampoo | 12 | conditioner |
| 13 | body soap | 14 | Kagamitan para sa paglilinis（1） | 15 | detergent（maliit na pack) |
| 16 | ballpen | 17 | Paper cup | | |

（1）Sabong panligo, espongha sa paliguan, panlinis sa banyo, brush sa banyo, sapin ng disinfectant, para sa carpet

※Kung may kailangang gamit habang nasa loob ng pasilidad tumawag sa opisina gamit ang telepono sa silid.

※Bawat silid ay binibigyan ng thermometer at pulse oximeter ngunit kinakailangan itong ibalik pagglabas ng pasilidad kaya kung maaari huwag sirain at gamitin ng maayos.

# Sample pictures ng mga silid sa pasilidad


Silid


Dresser


Kama


Refrigerator


Toilet and bath

# 4 . Pamumuhay sa pasilidad

| Schedule | |
|---|---|
| 7am | Ulat sa kalusugan<br>(Pagsukat ng temperatura at SpO2 (oxygen saturation) at pag-input nito sa system gamit ang smartphone atbp.) |
| 8:15am | Pamamahagi ng almusal (bento)<br>(Ilalagay ang mga bento sa labas sa harap ng silid.) |
| 10am | Health check galing sa nars<br>(Depende sa kondisyon ng kalusugan, maaari kaming makipag-ugnayan para hilingin ang pag input maliban sa nabanggit.) |
| 12noon | Pamamahagi ng pananghalian (bento)<br>(Ilalagay ang mga bento sa labas sa harap ng silid.) |
| Pagkatapos ng pananghalian hanggang 5:30 pm | Pagtapon ng basura<br>(Ilagay ang basura sa ipinamahagi na garbage bag at ilabas ito sa harap ng silid.) |
| 2pm | Ulat sa kalusugan<br>(Pagsukat ng temperatura at SpO2 (oxygen saturation) at pag-input nito sa system gamit ang smartphone aatbp.) |
| 6:15pm | Pamamahagi ng hapunan (bento)<br>(Ilalagay ang mga bento sa labas sa harap ng silid.) |
| 7pm | Ulat sa kalusugan<br>(Pagsukat ng temperatura at SpO2 (oxygen saturation) at pag-input nito sa system gamit ang smartphone atbp.) |

## ○Bento

・3 meals ang ibinabahagi araw araw. Sa mga taong may allergies o religion related na rason ipaalam sa staff bago pumasok sa pasilidad.

・Namimigay din kami ng na tsaa kasama bawat bento.

・Bawat kwarto ay binibigyan ng dalawang litro ng tubig, pag kinulang maaaring tumawag sa opisina at ipaalam sa staff.

Sample pictures ng mga bento



almusal



lunch



dinner

※Depende sa iyong pisikal na kondisyon, maaari kaming maghanda ng mga madaling kainin na pagkain tulad ng jelly. Ipaalam lang sa nars.

## ○Mga dapat ingatan sa loob ng pasilidad

・Bawal ang alak at sigarilyo sa pasilidad.

・Ipaalam in advance sa staff gamit ang telepono kung may mga darating na padala galing sa pamilya o may binili sa pamamagitan ng net shopping, for delivery lamang ang mga padala. Hindi pwedeng direktang magdala ang pamilya sa pasilidad. Ang mga package ay bubuksan upang suriin. Bilang karagdagan, tanging ang pagbabayad sa credit card ang tinatanggap, at mangyaring iwasan ang pagbili ng hilaw na pagkain, tabako, alak, atbp.

・Hindi pwedeng gamitin ang coin laundry sa pasilidad. Pag kinakailangan, maglaba sa sariling silid.

## ○Pagpapaalam ng estado ng kalusugan

・Pagsukat ng temperatura at SpO2 (oxygen saturation) at pag-input nito sa system gamit ang smartphone tatlong beses araw-araw ( umaga, tanghali at gabi)

・Nag hehealth check ang mga nurses 10am araw araw gamit ang telepono. depende sa kondisyon ng iyong kalusugan, tatawagan ka namin upang alamin ang iyong pisikal na kondisyon.

・Tumawag sa opisina anumang oras sa umaga man o gabi kapag may nag iba sa kondisyon ng iyong katawan.

・Kung nais uminom ng gamot para sa lagnat o pain reliever, ipaalam sa nars na nakaduty.

## ※Paggamit ng SpO2 (oxygen saturation)

Ito ay sinusukat gamit ang isang aparato na tinatawag na pulse oximeter. Naka-lagayl ito bawat silid, sundin ang mga hakbang sa ibaba sa pag sukat ng oxygen saturation.
Gayundin, para sa tumpak na pagsukat, alisin ang manicure at putulin ang mahabang kuko bago pumasok sa pasilidad.

**Paggamit ng SpO2** | SpO2：Oxygen saturation　　PRbpm：pulso



1. Pindutin ang on button.



2. Hawakan ang dulo at buksan ang sensor pad



3. Ipasok ang dulo ng daliri. Ang LED ay dapat naka direkta sa finger pads.

### ○Para sa emergencies

・Kung sakaling magkaroon ng sunog o lindol, makikipag-ugnayan kami sa pamamagitan ng in-house broadcast, kaya mangyaring maging mahinahon.


・Kung kinakailangang lumikas mula sa pasilidad, magtipon sa parking lot at sisiguraduhin namin ang iyong kaligtasan sa pamamagitan ng roll call. Mangyaring sundin ang mga tagubilin ng kawani, magsuot ng facemask, at kumilos nang naaayon.

# 5 .Paglabas sa pasilidad

## Pamantayan sa paglabas

Para sa mga taong may sintomas「Pagkalipas ng 10 araw simula sa unang araw ng pagkakasakit at 72 oras pagkatapos gumaan ng sintomas」.

Para sa mga taong walang sintomas 「Pagkalipas ng 7 araw simula ng paglabas ng resulta ng specimen test」 ay pwede nang lumabas pagkatapos sa ika 8 araw. Bilang karagdagan, mangyaring obserbahan ang iyong kalusugan sa pamamagitan ng pagsukat ng temperatura hanggang 10 araw.




* Kahit na lumipat ka mula sa ospital patungo sa hotel quarantine, ang petsa ng pagsisimula ay ang petsa pagkuha ng test o paglabas ng sintomas.

## Mga paalala sa paglabas galing quarantine

Pinapaalam ng mga staff sa pamamagitan ng telepono ang paglabas matapos ang quarantine isang araw bago ang takdang araw na paglabas.

Gumamit ng pampublikong sasakyan pauwi sa araw ng paglabas sa pasilidad.

Kapag ginamot maliban sa COVID-19 habang naka quarantine sa hotel, ito ay pinababayaran namin. Ipapadala sa iyo ang bill sa ibang araw. May bayad ang pag gamit ng telepono sa kwarto para sa personal na tawag maliban sa tawag sa nars.

Kung nasira ang kagamitan sa silid (tulad ng electric appliances, bathroom / toilet equipment), kayo ay aming sisingilin.

## 6 . Mga katanungan

Kung mayroon mga katanungan bago pumasok sa pasilidad, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa ibaba:

Mie Prefecture Medical Health Department
Hotel and home quarantine project

059-224-2085